

1

Tumitili na ang production manager na si Mimosa. Bakit hindi, alas ocho na pero nagse-set-up pa rin ang crew ng kanilang mga gamit. In thirty minutes ay darating na ang kanilang director na ubod nang sungit. Tiyak na mabubulyawan silang lahat.

Kahit natetensyon ay kalmadong tiningnan ni Carrie ang screen ng kanyang *Mac* laptop. So far ay okay naman ang lahat. Siya ang head writer ng *Periwinkle Productions*, ang na-commission ng isang sikat na advertising agency para gawin ang latest T.V. commercial ng leading energy drink na *Energize!*

Magaling na writer si Carrie. Dalawang taon siyang nagsulat for a radio program at tatlong taon din sa isang women's magazine bilang assistant editor ng literary section. Pero nang magtayo ng kompanya ang dati niyang boss na si Madam Ava two years ago, sumama na siya para naman maranasan niya ang masabak sa production.

So far ay enjoy siya dahil sa iba't ibang experience na dala ng kanyang trabaho. Marami siyang nakikilala at nakakasamang celebrities. Pero hanggang trabaho lang lahat—hindi naman kasi siya mahilig tumambay sa mga bar at maglalagi sa mga parties. Mas gusto niyang manood ng sine, mag-DVD marathon sa bahay o kaya ay magbasa ng mga pocketbooks.

“Excuse me, would you mind telling me where the comfort room is?” Mahinahon pero halata ang sosyal na British accent sa nagsalita. Ramdam ni Carrie ang pagtigil ng kanyang paghinga nang makita niyang nakatayo sa harap niya ang modelong si Nathan Richards.

Topless ang lalake at tanging white towel lamang ang nakatakip sa ibabang bahagi ng katawan nito. In ten seconds ay na-assess na agad ni Carrie ang kaharap mula ulo hanggang paa at isa lamang ang pumasok sa isip niya.

Greek god.

“Miss?” Si Nathan uli, na tila nagtataka kung bakit nakatanga lang siya.

Saka pa lamang tila natauhan ang dalaga. Kahit ramdam niya ang pamumula ng kanyang pisngi ay nagawa pa rin niyang ituro kay Nathan kung nasaan ang CR. Kung puwede nga lang, sumama na rin siya!

Diyos ko, Lord, ano ba’ng nangyayari sa akin? Hindi makapaniwala ang dalaga na natataranta siya ngayon dahil sa isang lalaki.

Magtu-twenty-eight na siya pero single pa rin. Ang mga classmates niya noong elementary at high school sa probinsya, halos lahat ay may mga asawa’t anak na. Nagka-boyfriend na rin naman siya dati, si Aldrin noong college at si Louie two years ago.

Kaklase niya noon sa isang subject sa *Unibersidad ng Pilipinas* si Aldrin. Matalino, mabait at masayahin, kaya agad na nahulog ang loob niya rito. Pero marami pa itong ambisyon sa buhay. Aldrin left for Canada after college at hindi na ito nakabalik. Dinamdang ni Carrie ang pagkawala nito sa buhay niya dahil minahal niya ang lalaki, but she moved on.

Nakilala niya si Louie, a young lawyer pero may pagka-aktibista. Sweet sana ito at gentleman, kaso ganoon ito sa lahat ng babae kaya iyon din ang dahilan kung bakit hindi sila nagtagal. Marami itong dini-date na babae na ayon dito ay pawang friendly dates lang. Pero ayaw ni Carrie nang may kahati so she had to let him go.

For almost two years ay loveless ang category niya. Pero hindi miserable ang kanyang pakiramdam dahil subsob siya sa trabaho. Marami siyang friends na nakakasama niya minsan sa pagtambay sa *Starbucks* kapag maluwag ang schedule niya. Sumasama rin siya sa mga out-of-town vacations kapag may tsansa. But deep inside, alam niyang may kulang. Walang excitement ang buhay niya.

Pero ngayon ay tila tumatambling ang kanyang puso na hindi niya maintindihan! For some strange reason ay bigla siyang nakaramdam ng excitement nang makaharap in person si Nathan! Understandable naman iyon kasi ang lalaki lang naman ang itinuturing ngayon na hottest model in the land at maging hanggang sa ilang bansa sa Asia.

Matangkad si Nathan; 6'1" ang height na binagayan ng sculptured na katawan. Maganda rin ang kutis nito na hindi maputi, pero hindi maitim—tama lang. Mahahaba ang pilikmata, matangos ang ilong na binagayan ng magagandang labi at pantay-pantay na ngipin. Una itong napansin nang lumabas bilang basketball player sa isang television advertisement, at mula noon ay sunud-sunod na ang naging projects. Sa ngayon ay naglalakihan ang mga billboards nito sa *EDSA* dahil ito ang endorser ng sikat na underwear at sports shoes. Mayroon din itong existing T.V. commercials with a mobile phone company. Ilang beses na rin itong naging cover ng mga health and men's magazines.

Alam lahat ni Carrie ang mga impormasyon dahil binasa niya ang profile ni Nathan. In fact ay impressed siya dahil unlike other male models na sa rampa lang nagpakadalubhasa, degree holder si Nathan. Graduate ito ng Biology sa *University of St. Andrews* sa Scotland! Doctor ang ama nitong British at dating flight stewardess naman ang inang Pinay. Ayon pa sa profile ng lalaki, dalawang taon pa lamang itong nasa Pilipinas.

“Carrie!” Nagulat ang dalaga nang marinig ang boses ng kanilang director, kaya naman bigla siyang natauhan sa tila pagdi-daydreaming niya.

“Yes, Direk?” Mabilis na nakalapit ang dalaga sa mataray na director. May hawak na itong kape at tila irritable.

Amicos Damian was one of the most respected directors in the advertising world. Magaling ito at kilala sa pagiging creative at original. Unfortunately, kilala rin ito sa pagiging masungit at temperamental. ‘Damian-in-distress’ ang tawag dito ni Carrie kapag nakatalikod ito.

“Nasaan ang story board? Hindi ba dapat kanina pa nasa harap ko iyan?” Umupo ang direktor, sabay inom ng bitbit na kape. “Patingin nga uli ng modelo ninyo?”

“Ayan na po, Direk. Si Nathan Richards.” Hindi na kailangan pang ituro ni Carrie ang modelo dahil lumapit na ito sa kanila, ganoon pa rin ang ayos—topless, with only a towel—kaya naman nagri-rigodon de amor na ang mga kalamnan ng dalaga!

“Good morning, Direk.” Agad na inilahad ni Nathan ang kamay. Tinanggap iyon ni Amicos at sinipat mula ulo hanggang paa ang lalaki.

“Beautiful! Just beautiful!” komento nito, nasa mga mata ang paghanga. At siguro ay pagnanasa na rin. After all, dream boy ng mga bading at matrona ang kagaya ni Nathan!

Akmang matatawa si Carrie sa tinuran ng direktor, pero nakita niyang nakatingin sa kanya ang modelo kaya agad siyang nagbaba ng tingin.

Binalingan ng direktor ang production staff saka nagsalita.

“Ano, ready na? Sabihin n’yo sa akin kung next year pa kayo

matatapos sa pagsi-set-up diyan para naman makapagbakasyon muna ako sa Bahamas bago tayo magsimula ng shooting!”

Nakita ni Carrie na natataranta na naman si Mimosa. Pero si Nathan ay cool na cool pa rin, nakaupo na ito sa isang tabi, unaffected sa direktor na tila ipinanganak kakambal ang PMS!

Mayamaya pa ay nagsimula na ang actual shooting ng commercial. So far ay smooth ang lahat, walang kiyeme ang kanilang modelo sa mga ipinagawa ng direktor. Masaya si Carrie na na-execute nang maganda ang kanyang script. Nang magkaroon sila ng break ay agad na nag-serve ng pagkain.

May sariling table na inihanda para sa direktor at sa mga executives ng advertising agency na naroroon para manood ng shooting. May area rin kung saan puwedeng kumain ang production staff. Usually ay sa dressing room na kumakain ang mga modelo o artista kapag may shooting sila. Si Carrie ay umupo na lamang sa harap ng mesa kung saan naroroon ang kanyang laptop. Tatal ay breaktime, naisipan niyang buksan ang kanyang sinusulat na article. Contributor siya sa isang monthly magazine dahil hindi pa rin niya matalikuran ang paggawa ng mga short stories.

“Are you a writer?” Nagulat si Carrie nang mapansing nakatayo sa likuran niya si Nathan, bitbit nito ang tray ng pagkain habang kaswal na nakatingin sa screen ng kanyang laptop.

“Hmm, yeah, sort of.” Conscious na conscious si Carrie at

hindi halos makatingin nang derecho sa kausap.

Pero sino ba naman ang hindi ninerbiyosin, kung ang kaharap mo ay tila Greek god na bumaba sa Mount Olympus? Kahit siguro estatwa ay mabubuhayan ng dugo!

“Sort of?” Bahagyang tumawa si Nathan, lumabas tuloy ang dimple nito na nagbigay ng boyish appeal, bukod sa pagiging dropdead hunk. “I didn’t know there is such a ‘sort of writer!’ So tell me, do you also write ‘sort-of’ stories?” Kumindat pa ito, kaya naligalig muli ang sistema ng dalaga.

Idinaan na lamang niya sa tawa ang tila pagbibiro sa kanya ng guwapong modelo.

“You know, why don’t you eat first so we could wrap things earlier?” ganti niya, kahit pabiro iyon.

“Hey, I could eat in five minutes flat!” sagot ng lalaki. “So what sort of stories do you write? I mean, seriously.” Kampante itong umupo sa bakanteng monobloc sa tabi ng dalaga.

Nang tumingin si Carrie ay seryosong nakatingin sa kanya si Nathan, obviously ay talagang interesado itong malaman ang sinusulat niya. Kahit paano ay na-touch siya dahil hindi naman lahat ng lalaki ay interesado sa pagsusulat. Lalo na at ang kaharap niya ngayon ay isang sikat na modelo. Sa isip ng dalaga ay may oras ba ang tulad nito para magbasa? But then again, naalala niyang hindi nga pala ordinaryong modelo lamang si Nathan.

“I write fiction. I’m into literary stuff,” aniya.

“Oh, yeah? That’s cool. I like to read stories. I always buy books and magazines.”

“Ows?” Huli na para bawiin ni Carrie ang reaksyon niya. “I’m sorry, I didn’t mean anything bad. I mean, I’m glad that you like to read.”

“Of course. I grew up reading books. Why, do I look that dumb?”

Kahit paano ay kinabahan ang dalaga nang makita ang tila hurt expression sa mukha ni Nathan. Hindi tuloy niya alam kung paano mag-a-apologize.

“I’m really sorry, I mean...”

“Nah... I was just kidding!” Sinundan iyon ng matunog na halakhak, kaya nakahinga nang maluwa si Carrie. “But it’s true, I do read a lot.”

“Okay, okay, I believe you.” Napangiti na rin siya. Pero ang dibdib niya, parang dumadagundong sa lakas ng tambol!

Magsasalita pa sana ito, pero narinig na nila ang boses ni Direk Amicos. Tinanong muna ng lalaki ang pangalan niya dahil hindi umano nito nakuha kanina.

“Carrie.” Pagkasabi niyon ay mabilis na isinara ng dalaga ang laptop at dali-daling nagtungo sa ladies’ room. Pakiramdam

kasi niya ay hihimatayin na siya sa kilig!

Buong hapon ang naging shoot dahil metikuloso si Direk Amicos. May mga scenes itong paulit-ulit na pinakunan. Nang ma-satisfy sa lahat ng kuha ay saka lamang natapos ang kanilang shooting. It was almost five in the afternoon. Nang masigurong wala nang production meeting ay niligpit na rin ni Carrie ang kanyang gamit. Bukod sa kanyang laptop ay may dala rin siyang overnight bag kung saan mayroong toiletries, extra clothes, flipflops at ang kanyang mga charger sa cellphone, electronic organizer at *iPod*. Normal na sa kanyang dalhin lahat ng mahahalagang gamit kapag may shooting dahil unpredictable ang buhay-production. Minsan ay may biglaan silang overtime o overnight kung saan. Dati siyang girl scout kaya lagi siyang handa.

Pasalamat na rin siya at kahit paano, naisip niya talagang bumili ng kotse kahit second hand. Binili niya iyon sa kanyang barkadang nag-migrate sa New Zealand. Ang kanyang kaunting savings ay ipinambayad niya sa kaibigan para may magamit na sasakyan. Mahirap na kasi ang mag-taxi lagi. Mas convenient kapag may sarili siyang kotse. At least nakakapasyal siya kahit saan niya gusto.

Bago magtungo sa parking lot ay nakita niya si Nathan na may kausap sa cellphone. Magpapaalam sana siya sa lalaki pero halatang abala ito. Inayos muna niya ang kanyang gamit sa likod ng sasakyan at nag-spray ng air freshener para mabango ang

kotse bago iyon tuluyang pinaandar.

Nasa entrance na siya ng kanilang maliit na building nang makita niyang tila nag-aabang ng taxi si Nathan sa unahan, pero nilalampasan. Naghintay muna siya ng ilang minuto bago nag-drive sa harap ng binata. Agad niyang ibinaba ang bintana ng sasakyan para makita siya nito.

“Hi! Is there a problem?”

“Carrie!” Tila nagliwanag ang mukha ng lalaking kanina lang ay mukhang galit na sa mundo. “The car that is supposed to take me to the airport had a flat tire somewhere in Novaliches.”

“Airport?” May mga bumubusina na sa likod ni Carrie pero dinedma niya ang mga iyon. Mas importante sa kanya si Nathan kaysa sa ibang motorista!

“Yeah. I need to take the last flight to Davao because I promised my mom I’d be there for her birthday,” tila nahihiyang saad nito. “Everything’s all set but this flat tire thing happened. I don’t mind taking a cab to the airport but it’s just impossible to get one right now.”

Mabilis na nag-isip si Carrie. Wala siyang gagawin ngayong gabi, ano ba naman ang magmaneho siya papuntang airport? Hello, si Nathan Richards ang ipagda-drive niya. Sosyal!

“Why don’t you hop in? I’ll drive you there.” Ni hindi kumurap ang dalaga nang mag-offer kay Nathan.

2

“Are you sure it’s really okay?” Nathan was putting his seatbelt and Carrie could not help but notice his well-defined muscles in all the right places. Naka-walking shorts lang kasi ang lalaki at plain shirt na eksakto lang sa katawan nito.

“Yeah.” Tipid na ngiti lang ang pinakawalan ng dalaga, baka kasi masyado na siyang halatang kinikilig.

Sino nga naman ang hindi? Kung puwede nga lang niyang halikan ang manibela ng kanyang *Toyota Corolla*, ginawa na niya!

“So you don’t have any plans this weekend?” Sasagot sana si Carrie pero nagulat nang muling magsalita si Nathan. “Wala nang overtime or something?”

“Marunong kang mag-Tagalog?” Nang tumango ito ay gustong mapahalakhak ng dalaga dahil halos dumugo na ang ilong ng mga kasamang staff sa kai-English kay Nathan kanina!

“I mean, not that much but I can understand and speak the basic.” Again, that boyish grin.

Nanlalambot na ang mga tuhod ni Carrie, pero kailangan niyang maging tough dahil traffic papuntang airport ang tatahakin nila!

Mula sa Cubao ay pinili ng dalaga na sa Libis na dumaan

para makapag-C5. Alam niyang masyadong ma-traffic sa EDSA kapag rush hour. Tahimik lamang si Nathan habang nakatingin sa dinadaan nila. Binuksan ng dalaga ang car stereo para kahit paano ay hindi sila lamunin ng katahimikan sa loob ng sasakyan. Ikinabit na rin niya ang kanyang *iPod* sa car stereo para ang kanyang mga paboritong music ang mapakinggan habang nagda-drive.

“You like songs from the 80’s?”

Napangiti si Carrie sa tanong ni Nathan. Isang maikling “Yes” ang kanyang isinagot. Kasalukuyang tumutugtog ang *Big In Japan* ng Alphaville. Mula sa isang sulok ng kanyang mata ay nakita niyang tumatangu-tango si Nathan, mukhang alam na alam din ang kanta. Maging sa *Wishful Thinking* at *Ghost In You* ay tila enjoy ito at sumasabay pa sa lyrics.

“*Walk Like An Egyptian?*” Napapitlag si Carrie sa tinuran ni Nathan, akala kasi niya kung napaano ito.

“Why? What’s wrong? You don’t like the song?” Sasapakin niya ang katabi kapag pinintasan nito ang kanyang paboritong kanta!

“No, no, I like it!” mabilis na sagot nito, na sinundan pa ng matunog na halakhak. “I just didn’t expect that I’d find someone here who likes the song, too.” Tumingin ito sa kanya. “I actually like your choice of music, Carrie. It’s very cool. It brings back a lot of good memories from back home.”

“Scotland?”

“No, England. I studied college in Scotland but I basically grew up in England, in a place called Horley, a lovely English village about an hour from London by train.”

“Ahh... I’ve never been to England,” ani Carrie. Totoo iyon. Hanggang Hong Kong, Bangkok at Singapore pa lang ang naaabot ng kanyang beauty. Pero balak niya talagang pumunta ng Europe, balang-araw.

“You should visit England. You should also visit France and Italy. You’re a writer, I’m sure you’ll love Europe.”

“I know!” natatawang sagot ng dalaga.

She never imagined talking to Nathan would be this easy. Pakiramdam tuloy niya nananaginip lang siya, kasi dati sa mga billboards lang niya nakikita ang binata, pagkatapos ngayon ay katabi pa niya sa sasakyan at nag-uusap sila na para bang iyon ang pinaka-normal na bagay sa kanila.

“When did you realize that you wanted to become a writer?”

“When I learned to criticize the things that I read and I told myself I can write better stories!” Sinundan niya iyon ng mahinang tawa.

Totoo iyon. Mula nang makabasa siya noon ng mga istoryang nakakainis, natuto siyang mag-revise ng kuwento sa kanyang isip. May isang panahon din na gumagawa pa siya ng sariling comic

strip at ipinababasa sa mga kaklase. She was just eleven years old then. Siguro kasi, maaga rin siyang natutong mag-explore sa mundo ng literature. Puro book readers ang mga miyembro ng kanyang pamilya—mula sa kanyang lolo, lola, parents at mga kapatid—lahat sila ay mahilig magbasa! Pati nga ang katulong nila ay lulong sa pagbabasa ng komiks.

“I like people who love reading,” komento ni Nathan habang nakatingin sa kahabaan ng *Fort Bonifacio*. Malapit na sila sa Nichols, ibig sabihin malapit na rin sa airport.

And I like you, gusto namang idugtong ni Carrie. Natawa na lamang siya sa sarili. Luka-luka na yata siya. Siguro nga nakakabaliw kapag walang lovelife?

Paglampas nila ng Nichols ay pasado alas siete na ng gabi. Mabuti na lang at maluwag na ang daan. In less than five minutes ay nasa harap na sila ng airport. At dahil isang sports bag lang ang dala ni Nathan, hindi na ito nahirapang bumaba. Akmang isasara na nito ang pinto ng kotse nang muli itong pumasok at iniabot ang kamay ni Carrie. Akala ng dalaga ay makikipag-shake hands lang ito. Pero lumapit pa si Nathan sa kanya at mabilis na humalik sa kanyang pisngi.

“Thank you very much for the ride. You’re such a sweetheart!”

“That’s all right.” Nagawa pa rin namang magsalita ni Carrie kahit sa loob-loob niya ay gusto na niyang tumili.

“I owe you a favor. See you around!” anito bago tuluyang

dumerecho sa Departure Area.

Sampung segundo ring natulala si Carrie!

Kung hindi pa siya kinatok ng airport security, baka hindi na siya nakakilos. Nang mahimasmasan ay saka siya nagmaneho pabalik ng Quezon City. On her way back, hindi maalis-alis ang ngisi niya, daig pa ang nanalo sa lotto!

“Alam mo, ilang araw na kitang napapansin na parang may sapi,” komento ni Wanda, ang kanilang Marketing Manager sa kompanya.

“Anong may sapi?” inosenteng tanong ni Carrie, bagaman alam niya kung ano ang tinutukoy ng babae.

Lagi kasi siyang nakangiti the past few days. For some strange reason, lagi siyang kinikilig kapag naiisip niya si Nathan.

Alam niyang iba ang level ng lalaki. Sikat na modelo ito at laging napapaligiran ng lahat na yata ng pinakamagagandang babae sa balat ng lupa. She even made a research about him. Oh yes, sa panahon ng Internet, lahat ng taong sikat ay puwedeng kalkalin sa *Google*. At iyon ang ginawa niya. Every little detail na puwede niyang malaman tungkol kay Nathan ay ginawa niya. Pati ang *Facebook* nito ay pinagtiyagaan niyang halungkatin! Kaya naman doon niya nalaman na may girlfriend na pala ito based on all the photos na naka-post doon. Siyempre kahit paano, may

kurot sa puso dahil ang kanyang crush ay may iba nang nobya. Pero crush lang naman.

At wala namang masama kung gamitin ko siyang inspirasyon, depensa niya sa sarili. If thinking about him could make her a better person, bakit nga naman hindi?

“Basta, simula nang matapos ang shooting natin last week, para ka nang robot na may battery. Naka-on palagi at parang napapaligiran ng sunflowers!”

“Ikaw yata ang may sapi.” Pinagtawanan na lamang niya si Wanda. Magkamatayan na, pero hinding-hindi siya aamin na may crush siyang modelo!

Simula kasi nang mapunta siya sa glamorosong mundo ng mga celebrities, lagi nilang pinag-uusapan ng mga kaibigan at colleagues na baduy at jologs lang ang masa-star struck or magkaka-crush sa mga artista at modelo. Para rin silang may unwritten law na kapag nagpa-picture sila kasama ang artista, mortal sin iyon kasi magmumukha silang fans! Kaya ngayon, nunca niyang aaminin kay Wanda na smitten siya sa hottest model in the land!

“Hindi. Parang napapansin ko talaga sa 'yo, Carrie, parang biglang nag-shine ang mata mo? May lovelife ka na ba na hindi namin alam?”

“Ako na naman kasi ang nakita mo! Saka bakit lovelife ko na naman ang pinagdiskitahan mo? Wala namang bastusan.”

Kunwari ay galit siya, pero sinundan niya iyon ng tawa.

“Kasi ikaw na lang ang single dito, lahat may jowa na!”

“Bakit, nakakabawas ba ng suweldo ang walang jowa?”

“Hindi nga. Pero at least kapag may jowa, may taga-libre. At least, intact ang suweldo,” ani Mimosa na kararating lang. Saka sila nagkatawanan.

“Ayokong mag-jowa dito,” ani Carrie na biglang sumeryoso. “Feeling ko, hindi ako appreciated ng mga lalaki dito, eh.”

“Bakit, alien ka ba?” Si Mimosa uli, na ngayon ay nakapagtimpla na ng kape.

“Gaga!” Natawa siya ulit. “What I mean is that, baka kasi mas bagay ako sa foreigner.”

“Ay, sosyal ang lola!”

“Hindi nga. Malay mo, Amerikano pala ang kapalaran ko? O kaya British.” *O kaya si Nathan*, gusto niyang idugtong, saka muling napangiti.

“Kung ’yan naman pala ang pakiramdam mo, aba’y mag-apply ka na ng visa sa U.S. at U.K. nang makabingwit ka na ng *far-ranger!*” Muli silang nagkatawanan.

Nang maiwan sa kanyang cubicle ay muling nag-isip si Carrie tungkol sa lovelife niya. Isa iyon sa mga dahilan kung bakit hindi siya makauwi sa probinsya nila. Sawa na kasi siya sa

mga tanong ng lahat ng taong kakilala niya: kailan daw ba siya mag-aasawa, wala raw ba siyang nobyo, gusto raw ba niyang tumandang dalaga, etcetera, etcetera. Noong una ay game pa siya sa pagsagot at pakikipagbiruan. But later on, napagod na rin siya sa kapapaliwanag. Kung tutuusin, wala siyang obligasyon na magpaliwanag kung bakit single pa rin siya. Kung nabibili nga lang sa grocery store ang asawa o kahit na boyfriend, wala sana siyang problema. Kaso, ang pagpili ng makakasama habambuhay ay isang napakalaking hakbang. Oras na mag-asawa siya, no return, no exchange na iyon. Walang ring warranty. Mahal ang annulment. Nakakabutas na ng bulsa, nag-iiwan pa ng malalim na sugat sa pagkatao.

Kaya nga para makaiwas sa mga intrigero sa kanila, mas pinili niyang manatili na muna sa Manila. At least, kapag nasa loob na siya ng condo unit niya, wala nang nakikialam sa kanya. Walang kapitbahay na kakatok at makikipagchismisan at mang-uungkat ng kanyang personal na buhay.

Iyon nga lang, ang bottomline, malungkot pa rin.

Hay...

Sinilip niya sa kanyang laptop ang ilang pictures na kinopya niya mula sa Internet at kinausap iyon sa kanyang utak.

Sana kasi may replica ka, Nathan. Kung nabibili lang ang replica mo, magbebenta talaga ako ng ari-arian sa probinsya, mapasaakin ka lang!